Ang Paraan Ng Pagkuha Mo ng Iyong Mga Gamot ay Nagbabago

Kung kailangan mo ng tulong

Tumawag sa 1-800-MEDICARE. - para sa mga gumagamit ng TTY, tumawag sa 1-877-486-2048

O tumawag sa isang HICAP counselor (tagapayo) sa 1-800-434-0222

Simula ng ika-1 ng Enero 2006, magkakaroon ng isang bagong programa ng Medicare para sa de-resetang gamot. Maaapekto ng bagong programa na ito ang lahat ng mga benepisyaryo ng Medi-Cal na mayroon ding Medicare. Ang Medicare, *hindi ang Medi-Cal*, ang magbabayad para sa karamihan ng iyong mga de-resetang gamot. Kung ikaw ay nasa isang Medicare HMO na nagbibigay ng mga benepisyo sa gamot, patuloy kang tatanggap ng mga de-resetang gamot mula sa HMO. Kung hindi ka kasali sa isang Medicare HMO na mayroong mga benepisyo sa gamot, papadalhan ka ng Medicare ng isang sulat sa Nobyembre na magsasabi sa iyo ng pangalan ng iyong plano sa gamot. Kung hindi mo gusto ang plano sa gamot na ito, maaari kang lumipat sa iba. Kausapin mo ang iyong doktor o parmasyotiko tungkol sa aling plano sa gamot ang tama para sa iyo. Itago ito at ang lahat ng mga sulat na matatanggap mo tungkol sa bagong plano sa gamot para mabasa mo muli ang mga ito. Kung kasalukuyan kang miyembro ng isang plano ng pinamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o isang plano ng Program of All Inclusive Care for the Elderly (Programa ng Kompletong Pangangalaga para sa mga Matatanda) (PACE), makakakuha ka ng karagdagang impormasyon mula sa iyong pangangalaga sa kalusugan at mula rin sa Estado ng California.

TAGALOG